# Mga Numero Ng Social Security Para Sa Mga Kabataan

Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Bakit ko kailangang kumuha ng numero para sa aking anak? | 1 |
| Dapat bang magkaroon ng numero sa Social Security ang aking anak? | 2 |
| Pagkamamamayan | 2 |
| Edad | 2 |
| Pagkakakilanlan | 3 |
| Paano kung inampon namin ang bata? | 3 |
| Magkano ang magagastos? | 4 |
| Paano kung naiwala ko ang card? | 4 |
| Hindi tamang paggamit ng numero ng Social Security | 4 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 4 |


Kapag kayo ay nanganak, ang isa sa mga dapat ninyong unahin ay ang kumuha ng numero ng Social Security para sa iyong sanggol. Pinakamadaling gawin ito habang kayo ay nasa ospital at nagbibigay ng impormasyon para sa sertipiko ng kapanganakan ng inyong anak. Kung hihintayin ninyong makapag-aplay ng numero sa tanggapan ng Social Security, maaarimg magkakaroon ng atraso habang sinisiyasat namin ang sertipiko ng kapanganakan ng inyong anak.

## Bakit ko kailangang kumuha ng numero para sa aking anak?

Kailangan ninyo ang numero ng Social Security upang matatakda ninyo bilang isang dependyente ang inyong anak sa inyong income tax return. Ang inyong anak ay maaaring mangangailanganin din ng numero kung balak ninyo na

- Magbukas ng account sa bangko para sa bata
- Bumili ng savings bonds para sa bata
- Kumuha ng medikal na seguro para sa bata; o
- Mag-aplay ng serbisyo ng gobyerno para sa bata.

## Dapat bang magkaroon ng numero sa Social Security ang aking anak?

Hindi naman. Kusang loob ang pagkuha ng numero ng Social Security para sa bagong silang ninyong anak. Gayunpaman, mainam na kumuha ng numero pagkasilang ng inyong anak. Maaari kayong mag-apply para sa numero ng anak ninyo pag-aplay ninyo para sa sertipiko ng kanyang kapanganakan. Ang impormasyon tungkol sa inyong anak ay ipagkakaloob sa amin ng sangay ng estado na nag-iisyu ng sertipiko ng kapanganakan at ipapadala namin sa inyo ang Social Securit card sa pamamagitan ng koreo.

Kung mag-aantay kayo na mag-aplay sa tanggapan ng Social Security, dapat ninyong ipakita sa amin ang katibayan ng kanyang pagkamamamayan ng U.S., edad at pagkakakilanlan, at ang katibayan ng sarili ninyong pagkakakilanlan. Kailangan naming suriin ang rekord ng kapanganakan ng inyong anak na maaring aabot ng 12 linggo hanggang sa panahon na pag-isyu ng kard. Upang maberipika ng sertipiko ng kapanganakan, kokontakin ng Social Security ang tanggapang nag-isyu nito. Ginagawa namin ang pagpapatunay na ito upang maiwasan ang mapalinlang na paggamit ng rekord ng kapanganakan upang bumuo ng mga huwad na pagkakakilanlan.

### Paano ako mag-aplay?

**Sa ospital:** Kapag binigay ninyo ang impormasyon para sa sertipiko ng kapapanganakan ng inyong anak, tatanungin kayo kung nais ninyong mag-aplay para sa numero ng Social Security ng inyong sanggol. Kapag sinabi ninyo na “oo” kailangan ninyong ibigay ang numero ng Social Security ng parehong magulang, kung maaari. Kahit na hindi ninyo alam ang numero ng Social Security ng parehong magulang, maaari pa rin kayong makapag-aplay ng numero para sa inyong anak.

**Sa tanggapan ng Social Security:** Kung maghihintay kayo upang mag-aplay ng numero para sa inyong anak, dapat ninyong

- Kumpletuhin ang *Aplikasyon para sa Social Security Card ng* (Pormularyo SS-5-INST-TL); at
- Ipakita sa amin ang mga orihinal na mga dokumentong nagpapatunay sa sumusunod ng inyong anak
  - —Pagkakamamayan sa US
  - —Edad; at
  - —Pagkakakilanlan.
- Magpakita sa amin ng mga dokumentong nagpapatunay ng inyong pagkakakilanlan.

***PAUNAWA:*** *Sa ibang lugar, ang post office ay hindi magde-deliver ng card ng inyong anak maliban kung ang pangalan ng inyong anak ay nasa inyong mailbox.*

Sa mga batang edad 12 pataas: Ang sinumang may edad 12 pataas na humihiling ng orihinal na numero ng Social Security ay dapat magpakita nang personal para sa isang interbyu, kahit na ang magulang o taga-alaga ay lumagda sa aplikasyon sa ngalan ng bata.

## Pagkamamamayan

Iilang dokumento lamang ang maari naming tanggapin upang mapatunayan ang inyong pagkamamamayan ng US. Kabilang dito ay ang sertipiko ng kapanganakan sa U.S., pasaporte ng U.S., Sertipiko ng Naturalization o Sertipiko ng Pagkamamamayan. Ang mga di-mamamayan ay dapat tumingin sa *Mga Numero ng Social Security Para Sa Mga Hindi Mamamayan* (Publikasyon Blg. 05-10096-TL) para sa karagdagang impormasyon.

## Edad

Kung isinilang ang inyong anak sa Estados Unidos, kailangan ninyong ipakita ang sertipiko ng kanyang kapanganakan. (Kung mayroon, dapat ninyong isumite ito.) Kung walang sertipiko ng kapanganakan, maaari naming tanggapin ang

- Rekord ng simbahan na ginagawa bago nag-edad ng 5 taong gulang na may petsa ng kapanganakan;

*(kabila)*

- Record ng kapanganakan sa isang ospital ng U.S.; o
- Pasaporte

Kung ang inyong anak ay isinilang sa labas ng Estados Unidos, kailangan ninyong magpakita ng pandayuhang sertipiko ng kapanganakan (kung mayroon kayo nito o makakakuha ng kopya sa loob ng 10 araw ng may pasok). Kung hindi kayo makakakuha nito, maaari naming tanggapin ang mga sumusunod ng inyong anak

- Certificate of Birth Abroad (FS-545, Sertipiko ng Kapanganakan sa Ibang Bansa)
- Certificate of Report of Birth (DS-1350, Sertipiko ng Ulat sa Panganganak)
- Consular Report of Birth Abroad (FS-240, Consular Report ng Kapanganakan sa Ibang Bansa)
- Certificate of Naturalization (Sertipiko ng Naturalization); o
- Pasaporte

## Pagkakakilanlan

**Ang inyong anak:** Maaari lamang naming tanggapin ang mga takdang dokumento bilang patunay ng pagkakilanlan ng inyong anak. Ang tinatanggap na dokumento ay dapat pangkasalukuyan (hindi expired) na nagpapakita ng pangalan ng bata, pagkakakilanlang impormasyon at kung maaari, isang bagong kuhang larawan. Karaniwang tinatanggap na rin namin ang pagkakakilanlang dokumento na walang larawan kung ito ay may sapat na impormasyon upang makilala ang bata (tulad ng kanyang pangalan at edad, petsa ng kapanganakan o pangalan ng kanyang mga magulang). Mas gugustuhin naming makita ang kanyang pasaporte ng U.S. Kung wala ang naturang dokumento, maaari na rin naming tanggapin ang mga sumusunod:

- Inisyu ng estado na hindi pangmanehong identification card
- Pambatas na kautusan ng pag-ampon
- Rekord ng doctor, klinika or ospital;
- Rekord ng simbahan
- Rekord ng paaralan o daycare center; o
- Pampaaralang identification card

**Kayo:** Kung kayo ay isang mamamayan ng U.S., hihilingin ng Social Security na makita ang inyong lisensya ng pagmamaneho sa U.S., inisyu ng estado na identification card na di-pangmaneho; o pasaporte ng U.S. bilang patunay ng inyong pagkakakilanlan. Kapag wala kayo ng mga naturang dokumento, hihingin naming kung anong ibang dokumentong mayroon, kagaya ng:

- Pantrabahong identification card;
- Pang-eskuwelang identification card;
- Kard ng Seguro Pangkalusugan (Health insurance card);
- Identification card ng U.S. military; o
- Polisiya ng life insurance.

***Lahat ng dokumento ay dapat mga orihinal or mga kopyang pinatibay ng ahensyang nag-isyu ng mga ito. Hindi kami maaaring tumanggap ng photocopy o notarisadong kopya ng mga dokumento.*** Maaaring ang isang dokumento ay may dalawang pagagamitan. Halimbawa, maaari naming gamitin ang pasaporte ng inyong anak bilang katibayan ng pagkakamamamayan at pagkakakilanlan. **Gayunpaman, dapat kayong magbigay ng hindi bababa sa dalawang magkahiwalay na dokumento.**

Ipapadala namin sa pamamagitan ng koreo ang numero at card ng inyong anak kapag nakuha na namin ang lahat ng impormasyon ng inyong anak at nasiyasat na namin ang kanyang mga dokumento.

## Paano kung inampon namin ang bata?

Maaari naming bigyan ng isang Social Security number ang inyong anak bago pa man makumpleto ang pag-ampon, subalit maaring gusto ninyong maghintay. Sa gayon, maaari na kayong mag-aplay ng numero gamit ang bagong pangalan ng inyong anak, na may pangalan ninyo bilang magulang. Kung nais ninyong

(kabila)

i-claim ang inyong anak kaugnay sa buwis habang pino-proseso pa ang pag-aampon, makipag-ugnayan sa Internal Revenue Service para sa Form W-7A, *Aplikasyon para sa Numero ng Pagkakakilanlan ng Nagbabayad ng Buwis para sa mga Nakapintong Pag-aampon sa U.S. (Application for Taxpayer Identification Number for Pending U.S. Adoptions)*.

## Magkano ang magagastos?

Walang bayad para sa numero at card ng Social Security. Kapag may taong kumontak sa inyo at nais na sumingil para sa pagkuha ng numero o card, pakitandaan na ang mga serbisyo ng Social Security ay libre. Maaari ninyong i-report ang sinuman na sumubok na magpabayad sa inyo sa pamamagitan ng pagtawag sa aming Office of the Inspector General hotline sa **1-800-269-0271** (TTY **1-866-501-2101** para sa mga bingi o mahina ang pandinig) mula 10:00 a.m. hanggang 4:00 p.m. Eastern Time o bumisita sa ***http://oig.ssa.gov/report***.

## Paano kung naiwala ko ang card?

Maaari mapalitan ang nawala o ninakaw ninyong Social Security card. Kayo ay may hangganan lamang ng tatlong pagpapalit sa loob ng isang taon at 10 habambuhay. Ang pagpapalit ng legal na pangalan at ibang eksepsiyon ay di kasali sa mga limit na ito. Halimbawa, ang pagpalit galing sa estadong di-mamamayan na nangangailangan ng pagbabago ay hindi bibilangin. Dagdag pa, maaaring hindi kayo apektado sa mga limit na ito kung mapapatunayan ninyong ang pangangailangan ng kard upang maligtas sa malaking paghihirap.

Ang Social Security Card ng inyong anak ay isang mahalagang dokumento. Inerekomenda naming na ito ay inyong itago sa isang ligtas ng lugar. **Huwag basta dala-dalahin ito.**

## Hindi tamang paggamit ng numero ng Social Security

Kung sa palagay ninyo ay may ibang indibidwal na mapalinlang na gumagamit ng numero ng Social Security ng inyong anak, kayo ay dapat maghain ng reklamo sa Federal Trade Commission sa pamamagitan ng

- Internet — ***www.identitytheft.gov***;
- Telepono — **1-877-IDTHEFT** (**1-877-438-4338**); or
- TTY — **1-866-653-4261**.

Bawal sa batas ang

- Paggamit ng numero ng Social Security ng ibang tao
- Magbigay ng maling impormayson kapag nag-aplay ng numero
- Baguhin, bumili, o magbenta ng Social Security card

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa

*(kabila)*

direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;

- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10023-TL | July 2017
Mga Numero Ng Social Security Para Sa Mga Kabataan
Social Security Numbers For Children (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito